DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES
1215 O Street, MS 9-90
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061

Hulyo 28, 2022

SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PANSAMANTALANG PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA SERBISYO NG REGIONAL CENTER

Layunin ng sulat na ito ang linawin ang sulat ng Department of Developmental Services (Department) noong Agosto 5, 2021 na may parehong paksa.

Kasaysayan
Simula Hulyo 16, 2021, ang isang bata na tatlo o apat na taong gulang ay maaaring pansamantalang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center sa ilalim ng mga tinukoy na kondisyon. Ang pagbabagong ito sa pagiging karapat-dapat ay pinagtibay ng Developmental Services Trailer Bill, AB 136 (Kabanata 76, Mga Batas ng 2021), na inamyendahan sa Welfare and Institutions (W&I) Code seksyon 4512. Ang patakaran at proseso para sa pansamantalang pagiging karapat-dapat ay nakabalangkas sa sulat ng Department noong Agosto 5, 2021.

Ang pansamantalang pagiging karapat-dapat ay nilalayon upang maiwasan ang mga pagkaantala at mabawasan ang mga agwat sa mga serbisyo ng regional center sa mga bata sa isang partikular na maselan na panahon sa kanilang pag-unlad.

Unang Pagtatasa
Makukuha ang pansamantalang pagiging karapat-dapat habang wala ang pagtuklas na ang isang bata na tatlo o apat na taong gulang (o malapit nang mag-tatlong taong gulang) ay may kapansanan sa pag-unlad na nakalista W&I Code seksyon 4512(a)(1). Ang mga regional center ay dapat munang magtasa para sa isang kapansanan sa pag-unlad gaya ng tinukoy ng W&I Code seksyon 4512(a)(1). Kung ang bata ay hindi napagpasyahang mayroong kapansanan sa pag-unlad, ang bata ay dapat na tasahin para sa pansamantalang pagiging karapat-dapat.

Muling Pagtatasa Bago Magka-edad na Limang Taong Gulang
Upang mapanatili ang mga serbisyo sa isang bata na pansamantalang karapat-dapat, dapat kumpletuhin ng mga regional center ang muling pagtatasa upang malaman kung ang bata ay may kapansanan sa pag-unlad nang hindi bababa sa 90 araw bago ang bata ay maging limang taong gulang. Kung ang muling pagtatasa ay hindi nakumpleto

bago ang bata ay magka-edad na limang taong gulang, ang mga regional center ay dapat ipagpatuloy ang mga serbisyo hanggang sa makumpleto ang muling pagtatasa.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan hinggil sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa akin sa brian.winfield@dds.ca.gov o (916) 654-1897.

Taos-puso,

Orihinal na nilagdaan ni:

BRIAN WINFIELD
Punong Deputadong Direktor

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor sa Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyong Pangkomunidad ng Regional Center
Association of Regional Center Agencies
Ernie Cruz, Department of Developmental Services
Maricris Acon, Department of Developmental Services
Jim Switzgable, Department of Developmental Services